Republic of the Philippines
**CITY COUNCIL**
**City of Manila**

*******************

PANGKARANIWANG PULONG BLG. 74

IKA-12 SANGGUNIANG PANLUNGSOD

*******************

# KAPASIYAHAN BLG. 372
**Serye ng 2023**

**KAPASIYAHAN** NA NAGPAPAABOT NG LUBOS NA PAGDADALAMHATI AT PAKIKIRAMAY SA PAMILYA NG DATING PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD NG MAYNILA, ANG KAGALANG-GALANG DANILO "DANNY" BAUTISTA LACUNA, NA YUMAO NOONG IKA-13 NG AGOSTO 2023, SA EDAD NA 85

MGA MAY AKDA: **KGG. JOHN MARVIN C. "Yul Servo" NIETO,** Pangalawang Punong Lungsod at Tagapangulo, **KGG. JOEL "JTV" VILLANUEVA, KGG. LOUISITO N. CHUA, KGG. NUMERO G. LIM,** KGG. IRMA C. ALFONSO-JUSON, KGG. TERRENCE F. ALIBARBAR, KGG. ARLENE MAILE I. ATIENZA, KGG. DON JUAN "DJ" BAGATSING, KGG. RUBEN F. BUENAVENTURA, KGG. CARLOS C. CASTAÑEDA, KGG. NIÑO M. DELA CRUZ, KGG. JESUS E. FAJARDO, JR., KGG. PAMELA "Fa" G. FUGOSO-PASCUAL, KGG. JAYBEE S. HIZON, KGG. MARTIN V. ISIDRO, JR., KGG. RICARDO "Boy" A. ISIP, JR., KGG. RODOLFO N. LACSAMANA, KGG. MOISES T. LIM, KGG. JOHANNA MAUREEN C. NIETO-RODRIGUEZ, KGG. ERICK IAN O. NIEVA, KGG. CHARRY R. ORTEGA, KGG. ELMER M. PAR, KGG. LOUISA MARIE "Lady" J. QUINTOS-TAN, KGG. SCIENCE A. REYES, KGG. ROMA PAULA S. ROBLES-DALUZ, HON. LUIS C. UY, KGG. LUCIANO M. VELOSO, KGG. RAYMUNDO R. YUPANGCO, KGG. TIMOTHY OLIVER I. ZARCAL, KGG. DANIEL DAVE A. TAN, **KGG. ERNESTO C. ISIP, JR.,** Punong Mayorya at **KGG. MACARIO M. LACSON,** Pangulong Pansamantala

SAPAGKAT, ang dating Pangalawang Punong Lungsod na si Kagalang-galang Danilo Bautista Lacuna, kilala bilang "Danny" ng kaniyang mga nasasakupan at katuwang sa paglilingkod, ay ipinanganak noong Marso 23, 1938 sa Lungsod ng Maynila;

SAPAGKAT, mula 1967 hanggang 1975, si Kgg. Danilo "Danny" B. Lacuna, ay nanungkulang konsehal sa lupon ng Munisipyo *(Municipal Board)* ng Lungsod ng Maynila kung saan siya rin ay nanungkulan bilang Pansamantalang Pangalawang Punong Lungsod sa taong 1970 hanggang 1971;

SAPAGKAT, si Kgg. Danilo "Danny" B. Lacuna ay nanungkulan bilang Pangalawang Punong Lungsod ng Maynila at Tagapangulo ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila sa mga taong 1988 hanggang 1992 at 1998 hanggang 2007;

SAPAGKAT, si Kgg. Danilo B. Lacuna, ang nagtatag ng lokal na partido na "Asenso Manileño";

SAPAGKAT, noong ika-31 ng Hulyo 2023, ipinagdiwang ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila ang kanilang ika-122 Anibersaryo na ginanap sa Ayuntamiento de Manila, Andrés Soriano Avenue kanto Cabildo Street, Intramuros, Maynila, kung saan ang Kgg. Danilo B. Lacuna ay ang kauna-unahang tumanggap ng parangal na "Dangal ng Konseho" para sa kaniyang mga dekadang walang pag-iimbot na serbisyo sa publiko;

SAPAGKAT, sa ika-13 ng Agosto sa taong 2023, si Kgg. Danilo "Danny" B. Lacuna ay pumanaw na napapalibutan ng kaniyang mahal na pamilya, at iniwan ang isang legasiyá na tapat at maaalahaning paglilingkod sa Lungsod ng Maynila;

SAPAGKAT, ang anak ni Kgg. Danilo "Danny" B. Lacuna at Punong Lungsod ng Maynila na si Kgg. Alkalde Maria Sheilah "Honey" H. Lacuna-Pangan ay isinambit na ang kaniyang ama ay *"A man of great service and compassion, Danny touched many, creating a life that spans further than just his years and into the hearts of us all where he will remain forever"*;

SAPAGKAT, si Kgg. Danilo B. Lacuna ay iniwan ang kaniyang asawa na si Melanie "Inday" H. Lacuna, at ang kaniyang mga anak na si: Kagalang-galang Punong Lungsod ng Maynila na si Alkalde Maria Sheilah "Honey" H. Lacuna-Pangan, MD, FPDS, Maria Melizza H. Lacuna-Figueras, Danilo Victor H. Lacuna, at ang mga Kagalang-galang na Konsehal na sina Kgg. Salvador Philip H. Lacuna at Leilani Marie H. Lacuna na Pangulo ng Liga ng mga Barangay;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Panlungsod ng Maynila ay lubos na nakikiramay sa pamilya ng yumao na si Kgg. Danilo B. Lacuna sa pagpanaw ng isang dakila at may dedikasyong lingkod bayan at isang ama: KAYA, NGAYON, mangyaring

IPASIYA, tulad ng pagpapasiya ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila na nagpapaabot ng lubos na pagdadalamhati at pakikiramay sa pamilya ng dating Pangalawang Punong Lungsod ng Maynila, ang Kagalang-galang Danilo "Danny" Bautista Lacuna na yumao noong ika-13 ng Agosto 2023, sa edad na 85; at mangyaring muli

IPASIYA, na ang mga sipi ng kapasiyahan na ito ay ipamahagi sa opisina ng Punong Lungsod ng Maynila at sa pamilyang naulila ng dating Pangalawang Punong Lungsod ng Maynila na si Kgg. Danilo B. Lacuna.

PINAMUNUAN NI:

**MACARIO M. LACSON**
Pangulong Pansamantala
Sangguniang Panlungsod ng Maynila

Ipinasiya ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila sa pangkaraniwang pulong ngayong Ika – 15 ng Agosto 2023.

PINATUNAYAN:

**LUCH R. GEMPIS, JR.**
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

RRB: jhb/rmd/kjm/agv/egv/avs